

WAWA

Panulat ni
Anj Macalanda

Director's notes: Nais kong madaplisan sa pagtalakay ang stages of grief, lalung-lalo na ang umpisa at dulo nito--anger at acceptance (ang pinakamahirap na stage) kaya nag-focus ako sa isang indibidwal. Pinili ko ay lalaki, dahil hindi gaanong expressive sa emosyon ang lalaki para sa akin, at bata naman dahil sila yung vulnerable, walang muwang pero gaya ng karamihan ng mga bata sa Pilipinas, ay bata pa lang dami nang pinagdadaanan. Hindi ko pinaabot sa eksenang binabasbasan na yung mga patay (hanggang sa natanaw lang ang kura) bilang gusto ko sanang ipakita na parte ng acceptance stage ay nagkakaroon ng kabuluhan ang kasabihang "every cloud has a silver lining". Wawa Dam (Rodriguez, Rizal) ang na-envision kong ilog habang nagco-contemplate rito. Ang pangalan ding "wawa" connotes being downtrodden. Melancholia ang general mood.

INT. BAHAY - TANGHALI

Nakatindig ang isang ginang sa harap ng kanyang pintua't nakatingin sa malayo. Balot na balot ng itim na blusa't hukot ang likod, tahimik niyang sinisilayan ang kaganapan sa di-kalayuan. Kasabay ng pag-ihip ng hangin sa kanyang mukha'y napapikit ang ginang at naramdaman ang dampi ng luha sa kanyang mga pisngi. Agad niya itong pinunasan, napabuntong-hininga, at muling sumilay sa kawalan.

Marahan at paulit-ulit na inamoy ng ginang ang isang kamisetang hawak ng kabilang kamay. Yumuko't pumikit ang ginang at huminga nang malalim, habang nakadampi pa rin sa kanyang mukha ang maruming kamiseta.

Inumpisahang itupi ng ginang ang kamiseta habang naglalakad patungo sa hapag-kainan kung saan nanananghalian ang dose anyos na si Nilo. Tinapos ng ginang ang pagkakatupi ng kamiseta sa lamesa't tila inialay sa kandilang nagbibigay-ilaw sa hapag-kainan. Pinagmasdan ni Nilo ang paglapag nito sa tabi ng itak-ang nananatiling alaala ng kanyang kabiyak. Dinampot ni Nilo ang itak at nagmadaling lumabas.

CUT TO BLACK

OBB. WAWA.

EXT. KALSADA - HAPON

Makikitang iniihip ng mahinang hangin ang mga halaman mula sa puno.

Lalabas si Nilo mula sa kanilang tahanan, tangan ang itak. Titingin sa paligid at mapapansing nagsilisan na ang mga kapitbahay. Bakante na ang kalsada.

Mapapansin ni Nilo ang ilang sako ng uling na nakapirmi sa gilid ng kanilang tahanan. Kukunin niya ang isa at bibitbitin. Maglalakad Si Nilo papalayo sa kanilang tahanan.

CUT TO:

EXT. BATIS - HAPON

Tinatawid ni Nilo ang batis, sinusuong ang malakas na hampas ng tubig na dumadausdos sa malalaking bato.

CUT TO:

EXT. DAM - HAPON

Binabagtas ni Nilo ang malalaking tipak ng bato patungong dam kung saan naghahati ang ilog at ang mala-talon na tubig. Madiding ang bagsak ng tubig, malakas na kumakawala hanggang malayang umagos sa ilog. Hinahatak nito ang mga paa ni Nilo papalapit. Mapapatigil si Nilo sa paglalakad, mapapatingin nang diretso, at magmamadaling maglalakad papalapit habang mahigpit ang kapit sa kaban ng uling.

Papalakas nang papalakas ang tunog ng galit na tubig habang kumakawala sa dam. Mapapatigil si Nilo sa isang parte ng batong malapit sa dam, dahan dahan niyang ibababa ang kaban ng uling. Habang hawak ang dulo ng nakabukas na sako'y pagmamasdan niya ang higanteng talon.

Dadamhin niya ang tubig. Dadamhin ng katawan niya ang tilamsik ng tubig mula sa pagbagsak nito sa mga bato, at unti-unting mababasa ang kanyang mukha. Titingala at nganganga, animo'y nilalalahan ang tubig. Hahawakan ang mukha, tila naghilamos. Matatakpan ng mga kamay niya ang mukha't hahagod ito mula sa mukha paitaas hanggang ulo. Hahawakan niya ang kanyang buhok na tila sinasabunutan, at paulit-ulit na hihinga ng malalim. Mapapapikit, matatahimik, mapapanatag.

Sa lalim ng kanyang pag-iisa'y tanging ang pagbagsak ng tubig ang maririnig. Tila nakikisabay sa bugso ng damdamin, mapapasigaw si Nilo. Dadamputin ang kaban ng uling at pabalagbag niyang ibabato sa ilog na walang humpay ang ngitngit ng pag-agos.

Unti-unting uupo si Nilo't hahagkan ang sarili. Tila isang sanggol sa loob ng sinapupunan, mapapayuko si Nilo't tititigan ang tinutungtungang malaking tipak ng bato, habang patuloy ang agos ng tubig.

Nagulat si Nilo sa tunog ng mahina ngunit mababang tunog ng kampana.

CUT TO:

EXT. BRIDGE - HAPON

Nagsiliparan ang isang hilera ng ibong nakatungtong sa tali ng nakabiting tulay.

CUT TO:

EXT. ILOG - HAPON

Naglalayag papuntang daungan kung saan nilululan ang mga bangkay.

Matatanaw niya ang isang ginang at isang batang babaeng nag-aabang sa ilalim ng isang kubo. Sinusundan siya sa tingin ng dalawang babaeng parehas na nakasuot ng itim na kamiseta. Nakasalakot at may hawak na rosaryo sa kanan, makakakitaan ng pagtataka sa mata ang ginang. Napako ang tingin ni Nilo sa dalawa habang patuloy na sumasagwan, at sa lalim ng pagsasalubong ng tingi'y nabalisa ang batang babae' napakapit sa ginang. Nang makalayo ng kaunti'y napayuko si Nilo bago patuloy na nagsagwan.

CUT TO:

EXT. DAUNGAN - HAPON

Narating ni Nilo ang daungan kung saan maglululan ng bangkay. Makikita niya sa di kalayuan ang mga nagkukumpulang tao sa pampang. Ang iba'y nakaluhod. Makikitang may hawak na bimpang ang iba, ang iba'y may kayakap, at karamiha'y nakaupo't may hawak na rosaryo. Yung iba nakaupo sa gilid pero naluluha, habang ang karamiha'y blangko ang mukha. Karamihan ng kalalakiha'y nagsasalitan sa paglulan ng kani-kaniyang bangkay ng kaanak sa balsa. Pinarada ni Nilo ang balsa sa daungan, at naglakad tungo sa kumpulan.

Makikita nating siningit-singit ni Nilo ang payat at maliit na pangangatawan sa mga taong nagkukumpulan sa mga banig. Pinupunasan ni Nilo ang basang mukha habang dahan-dahang naglalakad tungo sa bangkay ng ama.

Nakasalubong niya ang mga kalalakihang maglululan ng bangkay ng ama. Sinamantala niya ang pagkakataong inilapag ito ng dalawang kalalakihan habang naghihintay ng kanilang pagkakataon sa paglululan. Lumuhod at tumanghod si Nilo sa bangkay ng ama. Bahagya niyang sinilip ang mukha ng ama. Tumulo ang luha niya't tumama sa nakabukang labi ng ama. Naghintay si Nilo at tumitig.

Nagulat si Nilo nang dinampot na muli ng dalawang kalalakihan ang bangkay ng ama para ilulan sa balsa. Nagkuskos ng mata, iniangat ang ulo upang pigilan ang luha. Tumingala't tumitig sa makulimlim na langit. Ibinalik ni Nilo ang paningin sa daungan at sinubukang maglakad nang mabilis papalayo.

Makikita ni Nilo ang inang tahimik na nakatindig. Makikitang hinawi ng hangin ang belo ng ina. Nangingilid ang mga luha nito. Pinunasan agad ng ina ang pisngi nang mahuling nakatingin sa kanya si Nilo. Yumuko si Nilo't pinunasan ang mukha, habang patungo sa pwesto ng ina. Bumaba ang ina't iniabot niya ang kamay. Sumakay sila sa balsa.

Maririnig ang malabong tunog ng kampana.

CUT TO:

EXT. ILOG - HAPON

Nagumpisa ang prusisyon sa ilog. Nagsimula ang pag-awit ng panalangin.

GINANG (LIDER NG DASAL):
Hesus ko, alang-alang sa
masaganang dugo ng
Iyong ipinawis ng manalangin
Ka sa halamanan.

Minasdan ni Nilo ang inang nakatitig sa malayo't nakikiawit.

INA NI NILO:
(Nakaupo at sumasagot sa lider ng dasal, kasabay ng lahat)
Kaawaan mo at patawarin
ang kaluluwa ni [pangalan ng kaanak].

Babagtasin ng mga kaanak na lulan ng balsa ang ilog na nababalot ng fog. Makikita sa gitna ng dalawang bundok ang liwanag na sumisilip nang bahagya mula sa uwang sa gitna ng dalawang bundok na ito. Gumuguhit ang liwanag na ito sa tubig.

Napayuko si Nilo at napatitig sa aninong pumanaw na sa tubig.

GINANG (LIDER NG DASAL):

Hesus ko, alang-alang
sa masasakit
na hampas na Iyong tiniis.

LAHAT:

Kaawaan mo at patawarin
ang kaluluwa ni [pangalan ng kaanak].

Nawala ang anino ni Nilo at napatitig si Nilo sa tubig na dumadalisy sa mga balsa. Tumingin si Nilo sa langit at napansin ang papaalis na sikat ng araw. Magta-takipsilim na. Tumunog ang kampana, mas malinaw kaysa sa naunang tunog.

Muling idiniretso ni Nilo ang paningin. Tinititigan niya ang dulo ng *horizon* na naka-*frame* sa dalawang magkaharap na bundok. Nabibighani si Nilo't tila hinahatak ng bundok, nangungusap habang patuloy ang awit ng *requiem*.

GINANG (LIDER NG DASAL):

Pagkalooban Mo siya ng kapayapaang
walang hanggan.

INA NI NILO:

Magbigay ka sa kanya ng liwanag at
ilaw na walang katapusan.

Unti-unting lumalaki ang mga bundok sa paningin ni Nilo, lumalapit, nangungusap.

Umiikot ang paningin ni Nilo't bumagsak ang katawan nito sa tubig. Doo'y ibinuhos ni Nilo ang luha't humagulgol, habang walang ibang nakakikita't tuloy ang panalangin.

Lumangoy ang walang buhay na pangangatawan ni Nilo sa ilog. Patuloy ang mahinang sambit ng dasal ng mga kaanak. Walang nakapupuna rito.

Tinanggal ng ina ang belo habang sinasambit ng lider ng dasal ang huling panalangin.

GINANG (LIDER NG DASAL):

Mapanatag nawa siya
sa kapayapaan.

Sumagot ang ina ni Nilo kasabay ng ibang nananalangin, at nag-antanda.

LAHAT NG NASA BALSA:

Siya nawa.

Nagising ang ulirat ni Nilo't naaninag ang liwanag mula sa ilalim ng tubig. Kumawag at pumilit lumangoy papaahon. Pagkaangat ng ulo'y hinabol niya ang hininga, kasabay ang pag-aninag sa isang malabong imahe ng isang puting pigurang nakatungtong sa isang mabatong daungan.

INT. BAHAY - TAKIPSILIM

Unti-unting gumuguhit ang sinag mula sa kandilang nagbibigay-liwanag sa hapag kainan.

Ilalapag ni Nilo ang itak sa lamesa't hihipan ang kandila.

Maririnig ang mababa at napakalakas na tunog ng kampana.

CUT TO BLACK